Global Scientific JOURNALS

GSJ: Volume 13, Issue 1, January 2025, Online: ISSN 2320-9186
www.globalscientificjournal.com

# SINKRONIKO AT DIAKRONIKONG PAGSUSURI SA AWITING 'SARANGGOLA NI PEPE' NI NONOY GALLARDO

**Rhon Adolf C. Gonzales[1], Apple Joy S. Wamina[2], Myra Chell R. Sabio[3], Camilo A. Ranoa, PhD[4]**

*Master of Arts in Filipino Students[123], Professor[4]*

Capitol University

## ABSTRACT

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang awiting *"Saranggola ni Pepe"* ni Nonoy Gallardo gamit ang sinkroniko at diakronikong pamamaraan upang matukoy ang mga kalagayang panlipunan noong panahon ng Martial Law at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang panahon. Ang awitin, na inawit ni Celeste Legaspi noong 1977, ay naglalaman ng mga simbolismo at pahiwatig na naglalarawan ng mga isyung panlipunan, karahasan, at kawalan ng kalayaan sa ilalim ng diktadura. Ginamit sa pagsusuri ang mga konsepto ng teoryang sosyolohikal upang maipakita ang mga karanasan ng mga Pilipino sa mga panahong iyon at ang epekto nito sa kasalukuyan. Ang pagsusuri ay gumamit ng mga video, panayam, at iba pang kaugnay na materyal upang masuri ang nilalaman at mensahe ng awitin. Kalakip din sa pananaliksik ang pagkukumpara ng *"Saranggola ni Pepe"* sa iba pang kontemporaryong awitin tulad ng *"Balita"* ni Cesar Benares Jr. at *"Magkaisa"* ni Tito Sotto. Ipinakita ng pag-aaral na ang awitin ay nagtataglay ng mga pahiwatig ukol sa kawalan ng katarungan, pang-aabuso sa kapangyarihan, at pangarap na hindi natupad—mga temang patuloy na may kaugnayan sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyang panahon. Napag-alaman na ang *"Saranggola ni Pepe"* ay nagsisilbing awit ng pagkamulat, nagbibigay-babala laban sa mga panganib ng diktadura, at naglalaman ng mga aral na mahalaga sa pagbuo ng isang mapanuring lipunan. Iminumungkahi ng pag-aaral na patuloy na pag-aralan ang mga ganitong likhang sining upang mapanatili ang kamalayang panlipunan at maiwasan ang pag-ulit ng mga karanasang hindi makatarungan mula sa nakaraan.

© GSJ

## Panimula

Natatangi ang paghanga at pagsuporta ng mga tao sa mga kantang may makabuluhang mensahe at kinapapalooban ng mga isyung panlipunan (Merculio at Pontemayor, 2024). Ang awitin ay isang paraan upang maipahayag ang mga karanasan at saloobin ng taong sumulat nito. Nasabi nina Merculio at Pontemayor sa kanilang pag-aaral tungkol sa SEMIYOLOHIKAL ANALISIS SA MGA AWITING RAP NI SHANTI DOPE, "Ang musika ay ginagamit bilang isang paraan ng pagpapahayag ng mga isyung panlipunan, politikal, o emosyonal na may kaugnayan sa isang partikular na lipunan o pangkat ng mga tao."

Ang Awiting Saranggola ni Pepe ay inawit noong 1977 ni Celeste Legaspi at isinulat naman ng kanyang asawa na si Nonoy Gallardo bilang isang awiting bayan na naging kontemporaryo noong panahon ng *martial law*. Mababakas sa kahulugan ng awitin ang mga isyung panlipunan na nangyari sa panahong isinulat ito. Ayon kay Celeste Legaspi sa kanyang panayam, ito ay isang awitin ng pagkamulat.

Sa pagsusuring ito ginamit ng mga manunuri ang pamamaraang diakroniko at sinkroniko. Layunin nito na ipakita ang mga kalagayang panlipunan noong panahon na iyon upang mas maipamulat ang mga tao na namumuhay sa ngayon at ipakita ang mga dahilan sa pagkakasulat ng awitin at ang tunay na kahulugan nito bilang isang kontemporaryong awitin na may tinatagong kahulugan tungkol sa sistema ng gobyerno. Sa tulong ng pagsusuring ito makikita ang ilang saloobin ng mga tao sa panahong *martial law* at ang epekto nito sa kasalukuyang panahon.

## Pamamaraan

Ginamit ng mga tagasuri ang pamamaraang Sinkroniko at Diakroniko. Sa tulong nito natuklasan ang nilalaman ng mga awiting umusbong sa panahon ng *martial law* at ang sitwasyong nararanasan ng mga tao sa panahong iyon. Natukoy din ng panunuring ito ang mga

© GSJ

pagkakahalintulad ng mga mensahe at mga detalyeng ginamit ng ilang mga manunulat sa paglikha ng isang awitin. Bukod sa awiting "Saranggola ni Pepe" may iilang awitin na sinuri upang makita ang pagkakahalintulad ng mga mensahe ng mga awitin. Narito ang mga sumusunod: "Magkaisa" na isinulat ni Tito Sotto taong 1986; "Balita" na isinulat ni Cesar Benares Jr. taong 1979.

Sa tulong ng Sinkroniko at Diakroniko ay mas mabibigyang linaw ang mga nagdaang karanasan ng mga mamamayan lalo na sa mga taong nabuhay sa panahon ng *martial law* at ang kaugnayan nito sa kanilang mga prinsipyo magpahanggang ngayon. Ginamit din ang mga bidyo gaya ng panayam kay Celeste Legaspi at ng mga kuhang bidyo mula sa mga pagdinig sa senado galing sa *youtube* bilang isa sa mga basehan sa ginawang pagsusuri.

## Resulta at Talakayan

May dalawang talahanayan ang makikita sa ibaba bilang pagpapakita ng talakayan sa bawat awiting ginamit. Sa unang talahanayan nakapokus ito sa awiting 'Saranggola ni Pepe', habang ang ikalawang talahanayan naman ay nakapokus sa dalawang awitin na 'Balita', at 'Magkaisa.'

**Talahanayan 1.**

***Ang Sinkroniko at Diakronikong pagsusuri sa awiting Saranggola ni Pepe.***

| Pamagat | Sinkroniko<br>*(Paglalarawan sa kalagayan at katangian noong panahon ng Martial law)* | Diakroniko<br>*(Kaugnayan ng awitin sa kasalukuyang panahon 2024)* |
|---|---|---|
| **Saranggola ni Pepe- Isinulat ni Dominador (Nonoy) Gallardo noong 1978 at inawit ni Celeste Kalugdan Legaspi-Gallardo o mas kilala** | **Teoryang Sosyolohikal**<br><br>Naipapakita mismo ang kalagayang panlipunan na naranasan ng may-akda. Makikita sa bawat | **Teoryang Sosyolohikal**<br><br>Sa kasalukuyan, makikita pa rin ang epekto ng awiting ito sa mga pangyayari ngayon. Ang mga nagdaang pangyayari sa panahon ng |

| | | |
|---|---|---|
| **bilang Celeste Legaspi.** | taludtod ng awitin ang personalidad na tinutukoy ng awitin. Ang paggamit ng may-akda sa salitang "Matayog ang lipad" ay tumutukoy sa mataas na pangarap samantalang ang salitang "Matandang bingi" ay tumutukoy mismo sa dating pangulong Ferdinand Marcos, Sr. Ang buong awit ay nagpapakita ng mga kaganapan noong *martial law*. Ayon sa awitin, ang mga taludtod na<br>*"Umihip ang hangin nawala sa paningin*<br>*Sigaw ng kahapon nilamon ng alon*<br>*Malabo ang tunog ng kampanilya ni Padre*<br>*Maingay ang taginting rosaryo ng babae"*<br>ay nagpapakita ng kawalan ng kalayaan ng mga tao maging ang kalayaang makapagsalita. Ang mga ito ay nagpapakita na ang awiting ito ay isang sosyolohikal. | martial law at ang pagmamalabis sa kapangyarihan ay mababatid pa rin ngayon. Ang mga salitang ginamit ng may-akda sa awitin ay kaugnay na sa kasalukuyang isyu tulad ng pagpatay at pang-aabuso sa kapangyarihan. |

©GSJ

| | | |
|---|---|---|
| | ● **<u>Pangarap:</u>** sa unang saknong makikita ang mga pangarap. Una ay pangarap ng mamamayan. Ang pangalawa naman ay ang humahadlang sa pangarap na ito. Ang pangarap ng Gobyerno na gumamit ng salitang *"Matandang bingi"* mapagtanto rin sa unang saknong ang mga pangarap na hindi na matutupad na makikita sa mga taludtod na ito: *"Umihip ang hangin nawala sa paningin. Sigaw ng kahapon nilamon ng alon"* gayundin ang pananalig at mga dasal na hindi na nabibigyang pansin. *"Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe Matayog ang pangarap ng matandang bingi Umihip ang hangin nawala sa paningin* | ● Maiuugnay ang linya ng awiting ito sa mga pangarap ng mga taong namatay sa panahon ng nagdaang administrasyon. "Matayog ang pangarap ng matandang bingi" ay maiuugnay sa pangarap ng pangulo na mapugsa ang droga sa bansa. Sa kasalukuyang administrasyon, nabalitaan ang hidwaan ng UniTeam (Marcos-Duterte). Ito rin ang naging dahilan kung bakit naungkat ang Oplan Tokhang noong nagdaang administrasyon. Sa imbestigasyon ng senado makikita ang pagkakasangkot ni Dela Rosa at ng dating pangulong Duterte sa pagpatay ng mga sangkot sa droga. May pabuya daw ang mga pulis na makakapatay na naaayon sa kanilang kota ng dapat patayin. Ito ay iilan lamang sa mga patunay na maraming Pilipino ang hindi natupad ang pangarap sapagkat sila ay binawian ng buhay ng dahil lamang sa mga pangarap na ito ng dating pangulo. |

© GSJ

| | | |
|---|---|---|
| | *Sigaw ng kahapon nilamon ng alon Malabo ang tunog ng kampanilya ni Padre Maingay ang taginting rosaryo ng babae."*<br><br>● **Pagdukot at pagpatay:** mababasa naman sa pangalawang saknong ang mga pagdurugo *"pag salvage"* sa may mga kasalanan. Ang katagang *"hinuli ang ibon"* ay nangangahulugang paghuli sa isang malayang tao. Ang *"Pagsuot ng sinturon"* ay nangangahulugang pagpapalit sa bagay na hindi naman maari. Ito ay nangangahulugan ng pagpapautang. Ang simbolo ng salitang *"jeepney"* ay nangangahulugang mabilis ang lahat ng mga pangyayari. | ● Maaala sa panahon ng administrasyong Pangulong Duterte na palasak ang namatay sa kadahilanang droga. Ito ay naungkat ngayon sa administrasyong Marcos na kung saan nagkakaroon ng *senate hearing* dahil sa hinihinalang ang palasak na pagpatay noon ay isang *"extra judicial killing."* May isang taong hiningan ng pahayag sa ginawang *hearing*. Ayon kay Kerwin Espinosa sinabing drug lord at mayor aspirant, tinakot daw siya ng kanhi heneral at ngayon isang senador na si Bato dela Rosa na magsalita sa hearing. Ito ay may kaugnayan sa lirikong *"Hinuli ang ibon pagsuot ng pantalon, Tinali ng pisi hindi na nag sinturon." Ang* ibig kahulugan nito ang pagpilit na ipagawa ang isang bagay na hindi |

© GSJ

| | | |
|---|---|---|
| | *"Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe<br>Matayog ang pangarap ng matandang bingi<br>Hinuli ang ibong pagsuot ng pantalon<br>Tinali ng pisi hindi na nag sinturon<br>Dumaan ang jeepney at gumuhit pa sa kalye<br>Mauling ang iniwan hindi na tinabi"*<br><br>● **<u>Kamatayan-</u>** Makikita sa tema na ito ang pagpatay dahil sa hindi pagsunod ng mga indibidwal. Dito mababasa ang mga simbolismo sa pagpapahirap sa tao gaya ng *"Lumuha ang langit at ang mundo ay maliit."* Makikita din dito na maraming Pilipino ang piniling mamatay kaysa sumunod sa kagustuhan ng pamahalaan<br>*"Sumusuway sa utos puso'y sinusunod"*<br>*"Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe."* | naman nais ng isang tao. Halimbawa nito ang ginawa ni senator Bato kay Ginoong Kerwin. |

**Talahanayan 2.**

***Ilan pa sa mga awiting nauugnay sa awiting saranggola ni pepe sa panahon ng martial law.***

| | **Sarangola ni pepe (1978)** | **Balita (1979)** | **Magkaisa (1986)** |
|---|---|---|---|
| **Kahulugan at mensahe** | Ang Saranggola ni pepe ay ginawa upang imulat ang mga mata ng mga mamamayan sa mga karahasan na naganap noong panahon ng diktatoryal ng pamahalaang Marcos. Ang awitin ay naglalaman din ng ilang impormasyon tulad ng pagdukot at pagpatay sa mga taong walang ginawang kasalanan. | Ang pangunahing mensahe ng "Balita" ay masasalamin hindi lamang tungkol sa pangyayari kundi tungkol din sa mga pagninilay at desisyon na maaaring baguhin ang landas ng lipunan. Nagpapakita ito ng pagkakawanggawa sa kapwa at ang pagpapahalaga sa tama at pagbibigay impormasyon. Nilingap din ng awitin na mamulat ang mga Pilipino sa mga totoong nangyari sa kanilang paligid. | Ang awiting Magkaisa ay isang makapangyarihang awit ng pagkakaisa at pagnanais ng pagbabago. Itinatampok ang halaga ng pagtutulungan at pagkakaroon ng isang layunin upang malampasan ang mga pagsubok at makamit ang tunay na kalayaan at pag-unlad. Ang awiting ito ay naglalaman ng konteksto sa pangyayari sa EDSA People Power Revolution na naganap noong taong 1986. Nagpapakita ito ng pangyayari sa lipunan sa panahong naganap ito na kung saan ang mga tao na nagmula sa iba't ibang sektor ng lipunan ay nagkaisa para sa isang mithiin; |

© GSJ

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | ang makamit ang demokrasya at ang ang magkaroon ng makatarungang lipunan. |
| **Sinkroniko** | Ang sinkroniko sa kantang Saranggola ni Pepe ay nagpapakita ng mga pangarap ng mga mamamayan. Ang salitang Pepe ay sumisimbolo sa mga kabataan na siyang pag-asa ng bayan. Ginamit din ito bilang palayaw ni Jose Rizal. Ang saranggola ay tumutukoy sa Pilipinas. Ang awiting ito ay nagpapakita ng kalagayan ng mga Pilipino noong panahong isinulat ito. Mapapansin din sa awiting ito ang karahasan noong panahong isinulat ang awitin. | Ang sinkroniko sa kantang balita ay nagbibigay kaalaman at impormasyon sa kung ano ang kasalukuyang nangyayari. Ito ay ginawa sa paarang magaan ngunit ang tunay na layunin ay mahikayat ang mga mamamayan na gumawa ng aksyon sa mga nangyayari sa lipunan. | Ang sinkroniko ng Magkaisa ay tumutukoy sa pagkakaroon ng pag-asa sa kabila ng mga unos at hamon na nangyayari sa lipunan. Kung titingnan ang mga pangyayari sa bansa sa mga taon bago naisulat ang awiting Magkaisa, mapapansin ang hirap na dinaranas ng mga Pilipino. Ang awitin ay isinulat upang magbigay mensahe sa mga Pilipino na magkaisa at magkaroon ng pag-asa-pag-asang makabangon mula sa pagkadapa. Nangangahulugan din ito ng makatao. Sa tulong ng awiting ito inaanyayahan ang mga Pilipino na sama-samang harapin ang unos na nararanasan. |

© GSJ

Ayon sa pag-aaral ni David Michael San Juan na pinamagatang Euphoria, Pakikibaka, at Bahala Na: Kontekstuwalisasyon ng Piling Awiting Post-EDSA ay bagama't may espasyo na sa midya at paaralang mainstream ang mga ganitong awitin, tungkulin ng bawat mulat na mamamayan na linawin ang konteksto ng mga awiting ito. Nagsasabi lamang na mahalagang maunawaan ang mga mensahe ng awitin lalong lalo na kung may isang mahalagang kaganapan sa kasaysayan ang naganap sa pagkakasulat nito. Ang mga awitin tulad ng Saranggola ni pepe ay may kinalaman sa mga kaganapan noong nagdaang administrasyon. Ayon sa Balita sa Rappler na isang clip sa *youtube* tungkol sa pag-iimbestiga ng senado ay may kinalaman sila Senador Bato dela Rosa sa mga pagpatay na naganap sa bansa sa panahon ng rehimeng Duterte. Maging ang pangulong Duterte mismo ay umamin sa marami niyang panayam tungkol sa kanyang mga adhikaing pumatay ng kriminal. Ito ay ilan lamang sa mga kaganapang may kinalaman sa mga awiting isinulat noong ng dekada 70 at 80. Ang awiting balita at magkaisa ay maiuugnay sa mga nangyayari ngayon na kung saan naibabalita ang mga kaganapan sa kasalukuyang panahon gamit ang *internet*, telebisyon, radyo, at pahayagan. Maging maalam ang mga tao dahil sa mga platapormang ito. Kapwa ang mga awiting ito ay may malaking impak sa mga kaganapan sa kasalukuyang panahon.

Sa pagsusuri ng awiting Saranggola ni pepe ay nabatid at natuklasan na ang awitin ay isang awitin ng pagkamulat. Ipinapakita ng awiting ito ang mga naganap noong panahon ng *martial law*. Ito ay isang awit na isinulat ni Nonoy Gallardo na siya namang inawit ng kanyang asawa na si Celeste Legaspi.

Nabatid ng mga manunuri na noong panahon na isinulat ang Saranggola ni Pepe ay maraming mga mamamayan ang nawalan ng pag-asa. Takot at pangamba ang dinaranas ng maraming Pilipino dahil na rin sa nangyayaring *martial law* at mga pagpatay. Sa kasalukuyan, ang mensahe ng awitin ay muling nagbalik ngunit mababakas din na hati na ang pananaw ng mga Pilipino ngayon sapagkat maaring marami na rin ang mga pilipinong nakita ang kahalagahan ng *martial law* lalong lalo na sa Mindanao noong panahon ng Marawi Siege. Nabakas din ng mga manunuri na ang ilang isyu noong nagdaang administrasyon tulad ng

Oplan tokhang na marami ang namatay dahil daw sa nanlaban ang mga ito ay naungkat sa panahon ng administrasyong Marcos. Ang awitin ay nagpapakita ng mga kalagayan ng mga taong inaapi dahil sa mga pansariling interes ng pamahalaan at mga kagustuhan nito.

Iminumungkahi ng mga manunuri na maging bukas ang mga isipan at magmatyag sa mga kaganapan sa kasalukuyan. Ang mga karanasan ng nakaraan ay may posibilidad na maulit kung hindi tayo maging mapanuri at alerto. Mahalaga na patuloy nating pahalagahan ang kamalayan sa mga isyu at tunay na kalagayan ng bansa. Hindi sapat na tayo'y magbulag-bulagan o magtangi. Sa halip, dapat tayong maging handa at bukas ang isipan. Ang pag-iingat at pagiging mapanuri ay susi sa pag-unawa ng ating kasalukuyan at sa pagbuo ng mas matibay na kinabukasan.

**Sanggunian**

Ano ang relatibismo sa kultura (cultural relativism)? (n.d.).

AWITING RAP NI SHANTI DOPE. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(5), 336–353. https://doi.org/10.5281/zenodo.11113060

House quad Committee resumes hearing on EJks.(2024).

Lt.Col.Jovie Espenido makes up stories.(2024).

Merculio, C. J. C., & Pontemayor, F. B. (2024). SEMIYOLOHIKAL ANALISIS SA MGA Mga Awit ng Pagkamulat,"Saranggola ni Pepe,by Nonoy Gallardo

**San Juan, D. M.** (2019). Euphoria.aka, at bahala na: Kontekstuwalisasyon ng piling awiting post-EDSA. *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society, 16*(1), 39-72.

Vernadette,VicunaGonzales,(2023).https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1005&context=katipunan

© GSJ